


ACTIVITY

- A. Sino ang mga tauhan na ito? Magbigay ng limang paglalarawan o kaalaman tungkol kila Esau at Jacob. Isulat ang sagot sa loob ng box.



Five rows of horizontal boxes for writing answers. The left side has five grey boxes, and the right side has five green boxes. In the center, there are two cartoon illustrations: Esau on the left with a beard and brown hair, and Jacob on the right with black hair and a goatee.

- B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang sinabi ng Diyos kay Rebecca patungkol sa kambal na nasa tiyan niya?

2. Bakit hindi nag-alangan si Esau na ipagpalit sa pagkain ang kanyang karapatan bilang panganay?

3. Sino ang nagpakita ng pagpapahalaga sa karapatan ng pagiging panganay?

Ang karapatan ng pagiging panganay (birthright) ay ibinibigay sa panganay na anak na lalaki. Isa itong mahalagang bagay noong panahon na iyon. Kumakatawan ito ng pagkaroon ng karapatan sa buong pamilya, mahalagang tungkulin, karangalan at mamamahin na yaman. Isa itong pakinabang at pananagutan. Ang lahat ng ito ay hindi mahalaga para kay Esau kaya naman naging madali para sa kanya na ipagpalit ito. Sa kabilang dako, nakita ni Jacob ang kahalagahan nito kaya't ninais niya itong makuha.

4. Ano ang pinagawa ni Rebecca kay Jacob matapos niyang marinig ang pag-uusap nila Isaac at Esau?

5. Kanino naibigay ni Isaac ang kaniyang basbas?



Ang basbas (blessing) ay panalangin na ibinibigay sa anak ng kanyang ama bago ito mamatay. Ang dasal na ito ay may kinalaman sa karapatan ng kapanganakan dahil ang panalangin ay tungkol sa kung ano ang tatanggapin sa pamamagitan ng pagkapanganay.

Makikita natin sa kuwento kung gaano kahalaga ang pagpili ng tamang desisyon sa buhay. Lahat tayo ay may *choice* gaya ng mga tauhan sa kuwento. May *choice* si Esau na pangalagaan ang kanyang karapatan bilang panganay ngunit hindi niya ito pinahalagahan. Nagkaroon naman ng pagkakataon makuha ito ni Jacob ngunit sa maling paraan. Sa bawat *choice* o pagpili dalawa lang ang possibleng resulta, mabuti o masama.



C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong.

Si Dustin ay hingal na hingal na dumating sa paaralan. Pag pasok niya sa classroom:

Dustin: *Hay salamat umabot ako, akala ko mauuna si Ms. Javier sa akin.*

Alexis: *Naku muntik ka na naman mahuli sa klase natin. Ano ba ang dahilan at madalas ka yatang nahuhuli?*

Dustin: *Napupuyat kasi ako sa paglalaro ng online game kaya late na ako magising. Gusto ko na kasing umabot sa level 25 eh.*

Alexis: *Naku baka naman nakakalimutan mo na ang mga school work natin. May homework sa math today. Nagawa mo ba?*

Dustin: *Huh?! Naku wala akong ginawa. Pakopya naman ako ng sagot.*

Alexis: _____

(Kung ikaw si Alexis, anong isasagot mo kay Dustin?)

Mga tanong:

1. Paano matutulungan ni Alexis ang kaibigan na gawin ang tama?

2. Anong maling desisyon ang ginagawa ni Dustin sa kuwento?

3. Ano ang maaaring maging resulta ng maling ginagawa na ito ni Dustin?

4. Kung ikaw si Dustin, ano ang gagawin mo?

Ang pagde-desisyon sa buhay ay hindi lamang para sa mga matatanda. Dapat lang na baguhin ni Dustin ang ginagawa niya. Mas mahalaga ang pag-aaral kaya dapat niyang bigyan pansin at panahon iyon. Maaari niyang gamitin ang ilang oras niya ng Sabado para maglaro. Si Alexis naman kung gusto niyang tulungan ang kaibigan hindi niya ito dapat basta na lang pakopyahin ng homework niya. Kahit tayong mga bata ay hindi makakaiwas dito. Habang bata pa tayo, dapat ay matuto tayong magdesisyon ng tama at naaayon sa mga natutuhan natin sa salita ng Diyos.



D. Memory Verse

Magtiwala ka nang buong puso sa Panginoon at huwag kang manalig sa iyong sariling karunungan. Alalahanin mo ang Panginoon sa lahat ng iyong ginagawa at ituturo niya sa iyo ang tamang landas. **Kawikaan 3:5-6**